

## **AKO'Y ISANG INTERNATIONAL STUDENT O INTERNATIONAL WORKER MEMBER. LEGAL BA PARA SA AKIN NA SUMALI SA ISANG STRIKE?**

Oo. Ang pagwewelga ay hindi lamang lubos na legal para sa mga táong hindi mamamayan na nagtrabaho sa Canada, kung 'di isa rin itong protektadong aktibidad sa ilalim ng Canadian Charter of Rights and Freedoms (Ang Kasulatan ng mga Karapatan at mga Kalayaan ng Canada). Hindi ka maaaring parusahan dahil sumali ka sa welga, ginawa mo ang mga tungkulin sa welga, at/o ipinakita mo ang iyong suporta para sa Unyon noong ginagawa ang mga negosasyon sa kontrata. Pinahihintulutan kang tumanggap ng strike pay at gawin ang mga tungkulin para sa welga sa ilalim ng iyong study permit na nagpapahintulot na pumasok sa isang kolehiyo o unibersidad sa Canada. Hindi binabago ng strike ang katotohanan na ang unibersidad ay maaaring kapwa iyong eskwelahan at iyong employer.

## **MAAAPEKTOHAN BA NG ISANG STRIKE ANG AKING WORK O STUDY PERMIT?**

Hindi. Ang iyong study permit ay nakatali sa iyong student enrollment at hindi sa iyong employment.

Bukod pa rito, prinoprotektahan ng Labour Relations Act ng Ontario ang lahat ng mga karapatan ng mga manggagawa, kabilang na ang international students, para lumahok sa mga legal na welga at ginagawa nitong labag sa batas para sa mga employer na takutin ang mga empleyado at sabihing huwag magwelga. Hindi mo mawawala ang iyong visa o work permit dahil bumoto ka sa isang strike, sa isang botohan para sa contract ratification (pagpapatibay ng kontrata), o dahil lumahok ka sa isang strike. Ang lahat ng mga boto ay kompidensyal.

Prinoprotektahan ng Immigration, Refugees and Citizenship Canada (IRCC) ang karapatan ng foreign workers na legal na magwelga at naglalaan ito ng proteksyon sa mga study permit kapag hindi makompleto ng international students ang kanilang mga pag-aaral dahil sa mga sitwasyong wala sa kanilang kontrol, tulad ng isang strike. Ayon sa kanilang website:

“Wala kang kontrol sa sitwasyon na ito, at ang iyong status bilang isang study permit holder ay hindi dapat maapektohan. Dahil sa strike, ikaw ay

- hindi mumultahan ng kahit ano, at hindi ka aaksyunan dahil hindi mo maipagpapatuloy ang iyong pag-aaral sa ngayon
- makakapagtrabaho nang off-campus nang hanggang 20 oras bawat linggo kung pinahihintulutan ka ng iyong study permit na magtrabaho (at magtrabaho din nang full-time sa mga panahon ng regular breaks tulad ng bakasyon sa winter at reading week)
- magiging eligible pa rin para sa Post-Graduation Work Permit Program

Dapat ay patuloy kang may valid status bilang isang estudyante sa Canada para makabalik sa klase oras na naayos na ang labour dispute. Kung kailangan mong mag-apply para i-extend ang iyong study permit sa panahon ng strike, maglakip ng isang sulat mula sa registrar ng iyong designadong institusyon ng pag-aaral na nagkokompirma na hindi ka makapasok sa eskwelahan at hindi mo maipagpapatuloy ang iyong pag-aaral dahil sa strike.”

<https://ircc.canada.ca/english/helpcentre/answer.asp?qnum=1367&top=15>

## **PAANO BA AKO SUSUPOHTAHAN NG CUPE BILANG ISANG INTERNATIONAL STUDENT KUNG MAY MATINDING REAKSYON MULA SA EMPLOYER?**

Tulad ng binanggit sa itaas, labag sa batas para sa iyong employer na parusahan ka dahil lumahok ka sa isang strike. Kung saka-sakaling ginawa ng iyong employer ang mga labag sa batas na kilos na ito, lubos kang susuportahan ng CUPE sa pamamagitan ng mga makabuluhang legal na proseso.

## **ANO ANG MANGYAYARI SA AKING GRADUATE FUNDING HABANG MAY STRIKE?**

Para sa mga estudyanteng miyembro ng non-academic CUPE locals, ang iyong trabaho ay hindi nakatali sa iyong pag-aaral tulad ng para sa teaching assistants o research assistants. Halimbawa, kung ikaw ay nagtrabaho nang part-time sa food services, ang iyong trabaho ay walang kinalaman sa iyong status bilang isang estudyante; ito'y wala ring kinalaman dito kung ikaw ay nagtrabaho off campus. Kaya hindi dapat maapektohan ng isang strike ang iyong student funding sa anumang paraan at hindi dapat nito diretsong maapektohan ang iyong mga pag-aaral.

Subalit ang iyong kita mula sa trabaho ay titigil habang ikaw ay nagwewelga. Kung gagawin mo ang mga tungkulin sa strike, makakatanggap ka nang hanggang \$350 bawat linggo bilang strike pay. Ang strike pay ay tax-free at ang international students at iba pang international workers ay eligible din para dito, tulad ng sinumang ibang domestic students o iba pang mga manggagawa.

## **MAGAGAMIT BA NG INTERNATIONAL STUDENTS ANG HARDSHIP FUND?**

Kapag may strike, ang iyong local ay maaaring maglaan ng isang hardship fund para sa mga miyembrong may hinaharap na pinansyal na krisis. Ito'y isang fund para sa mga miyembro ng CUPE na siyang lumalahok sa strike para makatanggap sila ng pera bukod pa sa strike pay. Ang lahat ng mga miyembro ng CUPE ay pantay-pantay na makakapag-apply para sa hardship fund.